# 1

"Excuse me, Ma'am. Is there anything wrong?" nag-aalalang tanong ng stewardess. Marahan nitong tinapik ang balikat ni Aisha na hindi pa rin tumitinag sa kinatatayuan habang nakapila palabas ng eroplano.

Napansin kasi nito na parang wala siya sa sarili, dahilan upang magpakita ng pagkayamot ang mga kapwa pasaherong nasa likuran niya dahil sa pagkakaantala sa pagbaba. Kapansin-pansin din ang kawalan niya ng kasiglahan samantalang ang karamihan sa mga pasahero ay sobra ang excitement hindi pa man ganap na nakakalapag ang eroplano sa *NAIA*.

"H-ha? Ah, no, no! I'm sorry. Everything is fine. Or should I say, I sincerely hope that everything would turn out just fine," matamlay na sabi niya bago nagpatuloy sa paglalakad upang sumunod sa agos ng mga taong nagmamadali. Nagtatakang napasunod lang ang tingin ng babae sa kanya.

Ilang saglit pa ay nasamyo na muli ni Aisha ang pamilyar na hangin sa Pilipinas. Sa kubling bahagi ng kanyang dibdib ay naroroon ang kasiyahan dahil

sa muling pagkakatapak sa bansang sinilangan.

Buong kasabikang iginala niya ang paningin sa paligid at awtomatikong bumalik sa kanyang isip ang kaparehong eksena ilang taon na ang nakalipas… when she decided to leave the country at magtungo sa kanyang Auntie Rachel na nakabase sa New York.

Gustong madurog ng puso ng dalaga noon dahil sa kalungkutan na nabanaag niya sa mukha ng kanyang papa, si Don Lamberto Mendez.

Batid niyang totoong nagulat ang matanda sa biglaang pagdedesisyon niyang magtungo sa Amerika, kahit pa nga noon ay ito mismo ang may kagustuhan na ipagpatuloy niya ang pag-aaral doon. Nagdahilan na lamang siya na nagbago na ang isip niya at na-realize na mas tamang sundin niya ang noon pa nito isinuhestyon. Hindi niya kayang ipagtapat dito ang totoo. Bagaman, hindi ito kumbinsido, hindi siya nito pinilit na magsalita.

That was six years ago at sa loob ng mahabang panahon na iyon ay tiniis ni Aisha ang kalungkutan na bunga ng pagkakalayo sa pinakamamahal na ama. Sa tuwing tumatawag ito at pinauuwi siya ay hindi siya nauubusan ng dahilan nang sa gayon ay hindi na ito magpumilit pa.

Malaki ang dapat niyang ipagpasalamat kay Auntie Rachel who had been with her during those times na pinagpapaliwanagan niya ang ama. Ito rin ang nagdi-discourage sa kanyang papa in a very subtle way, sa tuwing nagbibigay ng hint ang matandang lalaki na gusto nitong bumisita sa kanila sa New York.

Sinasabi nito sa kapatid na ang inaalala lamang nilang dalawa ay ang kalusugan nito para lang huwag na itong mag-insist na magtungo roon.

Although maganda ang kanilang intensyon ay hindi rin maiwasan ng magtiyahin ang ma-guilty. Ang mga pagkakataong gaya noon ang malimit makapagpabigat ng loob ni Aisha but she had no other choice, dahil alam niyang kung hindi niya gagawin iyon ay baka kung ano ang mangyari kay Don Lamberto sa oras na malaman nito ang isang lihim na pinakatatago niya.

And during those difficult times when she wanted to give up already, ang tiyahin din ang nagsilbing lakas niya upang ipagpatuloy niya ang buhay. Auntie Rachel stood by her every step of the way.

Hindi niya maitatanggi na kung hindi dahil dito ay hindi niya sana nararanasan ngayon ang walang

kapantay na kaligayahan sa piling ng nag-iisang dahilan kung bakit sinikap niyang magkaroon ng panibagong buhay sa ibang bansa.

At unti-unti ay nagagawa niyang isantabi ang kalungkutan at pangungulila, gayundin ang guilt feelings dahil sa pinakatatagong lihim, sa pamamagitan ng pag-aabala sa sarili sa negosyong itinayo ni Auntie Rachel.

Matagal na pala nitong gustong magtayo ng modeling agency, lamang ay hindi ganoon kalakas ang loob nito na mag-venture sa ganoong business. At ang pagdating doon ni Aisha ay blessing in disguise umano ayon pa rito.

Ilang buwan din siyang nag-aral at nag-attend ng iba't ibang seminars at workshops to gain sufficient knowledge about arts and fashion.

And from that day on, unti-unting nakilala ang *RAM Modeling Agency*, gayundin ang *RAM House of Fashion*. Auntie Rachel insisted to make use of their initials sa pagpapangalan ng kanilang agency at gallery na matatagpuan sa pinakasentro ng New York.

Pagkatapos ng napakahabang panahon, inakala niyang panatag na ang kanyang isip at kalooban

dahil sa panibagong buhay na nagawa na rin niyang i-establish sa lugar na iyon. Subalit bigla-bigla ay nagkaroon naman ito ng lambong dahil sa isang tawag na kanilang tinanggap mula sa Pilipinas kamakailan lamang.

Inatake sa puso ang kanyang ama at nadala sa ospital. At kailangan niya itong personal na puntahan sa Pilipinas.

"SEÑORITA AISHA, welcome back po," anang malakas na tinig na nagpabalik sa kamalayan ng dalaga sa kasalukuyan.

Ganoon na lang ang tuwa niya nang makilala ang bumati sa kanya. Iyon ang matagal na nilang driver na si Mang Renato. Nakatayo ito sa harapan niya habang nangingislap ang mga mata sa pagkakatingin sa kanya.

"Kumusta na po kayo, Manong?"

"Mabuti naman po! Mukhang nahiyang kayo sa malayo, ah. Sa tingin ko'y lalo po kayong gumanda."

"Salamat po," sagot ni Aisha nang nakaupo na siya sa backseat ng sasakyan. Pero saglit lang ang itinagal ng ngiti niya. Naalala niya ang tunay na

dahilan kung bakit siya biglang napauwi at muling nangulap ang kanyang mga mata. Seryoso siyang tumingin sa matanda bago nagsalita.

"A-ang Papa… k-kumusta na po ang lagay niya?"

"Nasa bahay na po si Don Lamberto at doon nagpapahinga. Alam ninyo po ba, Señorita, kinagalitan po niya kaming lahat dahil matitigas daw ang aming mga ulo? Hindi naman daw grabe ang nangyari sa kanya kaya bakit daw dinala pa namin siya sa ospital."

Kahit papaano ay bahagyang napanatag ang kalooban ni Aisha dahil sa tinuran nito. Napansin niyang maaliwalas ang mukha nito, palatandaang wala itong itinatagong anuman sa kanya.

Alam niya ang katotohanan sa sinabi ni Mang Renato hinggil sa pag-ayaw ng ama sa ospital. Bukod sa hindi nito gusto ang amoy ng sari-saring gamot na nalalanghap doon ay gastos lamang daw iyon.

Marahan siyang napailing sa pagkaalala ng isang pagkakataon noong nagkatrangkaso ito at nagtalo sila ng ama dahil nagpilit itong sa bahay na lamang magpagaling.

Umayos si Aisha sa pagkakasandal sa upuan at ang balak ay umidlip muna, ngunit bago niya

naipikit ang mga mata ay muli niyang narinig ang tinig ng kanilang driver.

"Pero alam ninyo, Señorita, ang duda namin ay talagang na-miss lang kayo nang husto ng inyong papa. Ngayon pong nandito na kayo, may palagay po akong mapapapabilis lalo ang paggaling niya," sabi nito pagkaraang maiayos ang lahat ng kanyang maleta sa compartment ng kotse.

Bahagyang nginatngat ng guilt ang dibdib niya dahil sa narinig. Alam niyang may bahid ng katotohanan ang sinabi ng matanda kaya hindi na siya nagkomento tungkol doon.

Panghahawakan na lamang niya ang sinabi nito na maayos na ang lagay ng kanyang ama. Gayunpaman, makakampante lang siya nang tuluyan sa sandaling makaharap ito at matiyak na wala na siyang dapat pang ipag-alala rito.

"Wala na po ba tayong nalilimutan sa lahat ng bagahe ninyo?" mayamaya ay tanong ng matanda. Makaraang tumango ang dalaga ay lumulan na ito sa driver seat at nagmaniobra palabas ng *NAIA*.

Napapaidlip na sana si Aisha nang nasa kahabaan na sila ng expressway nang bigla siyang makarinig ng tila mahinang pagsabog sa bandang

likuran ng sasakyan. Naramdaman din niya ang biglang paghinto ni Mang Renato.

"B-bakit po, Mang Renato? Ano'ng nangyari?" nag-aalalang tanong niya.

"Sandali lamang po at titingnan ko, pero may palagay po akong na-flat ang isang gulong," sagot nito.

"Ho! Naku, malayo pa naman tayo sa bahay," aniya at iginala ang paningin sa paligid.

"Saglit lang po at titingnan ko kung ano ang nangyari."

Pagkaraan ng ilang saglit ay nagbalik ang matanda at kinuha ang tool box sa lalagyan nito.

"Maaantala po tayo saglit, Señorita, dahil mukhang napako po ang gulong natin. Pero huwag po kayong mag-alala at bibilisan ko ang pagpapalit ng gulong." Bababa sana ang dalaga pero pinigilan siya nito. "Huwag na po kayong bumaba, mainit po dito sa labas."

Naisip ni Aisha na may katuwiran ito kaya isinandal na lamang niyang muli ang katawan sa upuan. Itutuloy niya ang naudlot na pag-idlip habang hinihintay na matapos ni Mang Renato ang

ginagawa.

Dala marahil ng matinding pagod sa biyahe, nakaramdam siya ng pamimigat ng talukap ng mga mata. Subalit bago pa man niya ganap na maisara ang mga ito ay narinig niyang tila may kausap ang matanda sa gawing likuran ng sasakyan.

Pagsilip sa bintana ay nakita niyang may nakahimpil na isang magarang sasakyan di-kalayuan sa kinapaparadahan nila. Dala ng curiosity ay bumaba siya ng kotse.

"Mang Renato, sino po ang—" Hindi niya nagawang tapusin ang sasabihin dahil ganoon na lang ang pagsikdo ng kanyang dibdib nang magtama ang mga mata nila ng kausap ng driver. Ito ang lalaking hindi niya sukat akalaing makakaharap niya kaagad pagkatapos ng mahabang panahong pagtatago rito.

Hindi man lang binago ng anim na taon ang hitsura at pangangatawan nito. Ito pa rin ang lalaking pinapantasya ng hindi iilang babae sa kanilang eskuwelahan noon.

At kahit pa nga nang mga sandaling iyon na kunot na kunot ang noo nito habang nakatingin sa kanya, hindi man lang nabawasan ang kaguwapuhan nitong taglay.

"A-Aisha? Ikaw ba talaga iyan?" di-makapaniwalang sabi nito bago nagmamadaling lumapit sa kinatatayuan niya.

Ang pagtataka sa anyo ng lalaki ay dagling napalitan ng matinding kaligayahan. Hindi maitatanggi ang pangingislap ng mga mata nito habang naglalakbay ang tingin sa kabuuan ng kanyang mukha.

"God, Aisha… I missed you a lot!" Bago pa siya nakahuma, yakap na siya nito nang mahigpit. "B-bakit ang tagal mong nawala?"

"K-Kristoff," bulong niya bago mabilis na nanulak dahil sa pangambang mararamdaman ng lalaki ang matinding panginginig ng kanyang katawan gayundin ang malakas na pintig ng puso niya. Ngunit sa malas, tila wala itong balak na bitiwan siya.

Hindi na matukoy ni Aisha kung ang matinding tension na kanyang nararamdaman ay dulot ng muli nilang pagkikita ni Kristoff, o dala lamang ng matinding pagod sa mahabang biyahe at pag-aalala sa may-sakit na ama. Bago pa niya nasagot iyon, naramdaman niyang para siyang nauupos na kandilang babagsak sa kinatatayuan.

"A-Aisha!" Iyon ang huling narinig ng dalaga bago

nagdilim ang paligid. Hindi na niya naramdaman nang saluhin ng matitipunong braso ang katawan niya bago pa man ito tuluyang lumapat sa lupa.

MAHINANG UMUNGOL si Aisha bago marahang iminulat ang mga mata. Ang nag-aalalang mukha ni Kristoff ang tumambad sa kanya.

“Aisha, thank God you’re awake! Dadalhin na sana kita sa nearest hospital kung hindi ka pa magkakamalay. How are you feeling? May masakit ba sa iyo?”

Sa halip na sumagot ay iginala niya ang tingin sa loob ng sasakyan na kanyang kinaroroonan. Hindi iyon ang kotse nila kaya nahulaan niyang sa binata iyon.

“W-what are you… I mean… w-why are you here?” tanong niya nang hindi tumitingin dito.

“May imi-meet sana akong kliyente, pero paglampas ko ay natanawan ko ang bulto ni Mang Renato at ang kotse ni Tito Lamberto kaya huminto agad ako. Hindi ko akalain na ikaw pala ang nasa loob ng sasakyan. Nasabi sa akin ng matanda na kasusundo pa lamang daw niya sa iyo sa airport. Kaya nga ganoon na lang ang reaksyon ko nang

bumaba ka sa sasakyan," paliwanag nito.

Hindi na niya pinagkaabalahan pang pansinin ang excitement sa tinig ng lalaki.

"I… I think… I'm okay now. Marahil ay tapos na si Mang Renato sa pagpapalit ng gulong. Siyanga pala, maraming salamat sa tulong mo." Umakma na siyang lalabas ng sasakyan subalit pinigilan siya ng binata.

"Just a moment, Aisha! What's got into you? Sa tono ng pananalita mo'y para bang hindi ka man lang natutuwa na nagkita tayong muli."

"Siyempre natutuwa ako. It's been a long time…"

Tumiim ang mga bagang nito. "Six long years to be exact, Aisha! Anim na taong wala akong ideya kung bakit ka umalis. Tama ba ang hinala kong ako ang dahilan ng pag-alis mo noon?"

"O-of course not! Bakit mo—"

"At sinadya mo rin bang ilihim sa akin ang iyong kinaroroonan sa New York?" dugtong pa nito sa mapanganib na tono na wari'y hindi narinig ang sinasabi niya.

"L-look… I don't k-know what you're saying—"

Inilapit nito ang mukha sa kanya. “Don’t deny it, Aisha! Sinadya mong itago sa akin ang lahat! Bakit pati ang papa mo ay tumatangging ibigay sa akin ang address ng tinutuluyan mo doon? May palagay akong may inililihim ka sa akin.”

“P-puwede ba, h-hindi ko alam kung ano’ng ikinakagalit mo. A-at saka hindi ko obligasyon na ipaalam sa iyo ang lahat ng bagay tungkol sa akin. H-hindi ko rin alam kung bakit hindi ibinigay ng Papa ang address namin doon…”

“Don’t pull my leg, Aisha! Hindi iyon itatago sa akin ni Tito Lamberto kung hindi mo ipinagbilin sa kanya.”

“A-at bakit ko naman gagawin iyon? At saka, ano ba ang pakialam mo kung umalis ako noon?”

“Iyon nga din ang gusto kong malaman, noon pa. At ngayong naririto ka na, ang gusto ko ay bigyan mo ako ng magandang paliwanag. Pero bago iyon ay sagutin mo muna ang tinatanong ko kanina. Ako ba ang dahilan kung bakit bigla kang nagpasya na magpunta sa New York? Does it have something to do with what happened sa resort? Tell me! Is that the reason why you went into hiding?” sunud-sunod na tanong nito sa marahas na tinig na puno ng panunumbat.

Sa tagal ng kanilang pagiging magkaibigan ay ngayon lamang nakita ni Aisha na nagalit ang lalaki kaya hindi niya napigilang mangamba. Bagaman si Kristoff pa rin ang itinuring niyang best friend noong araw, sa estado ng galit nito ngayon ay natatakot siyang baka kung ano ang magawa nito sa kanya.

Bahagya siyang napaatras palayo ngunit mahigpit siya nitong hinawakan sa magkabila niyang braso.

"Answer me, Aisha! Why did you leave? Tama ba akong isipin na… p-pinagsisisihan mo ang nangyari sa atin noong gabing iyon?"

Lubos niyang ipinagtaka ang tila paghihirap ng kalooban nito nang sabihin iyon. Gayunpaman, paulit-ulit na nag-echo sa isip niya ang panunumbat nito kanina.

Hindi niya napigilan ang paglalakbay ng isip sa nakaraan…

# 2

Six years ago…

*Malakas na napatili si Aisha nang sa paglabas niya galing sa banyo ay madatnan niya ang best friend na si Kristoff na prenteng nakahiga sa ibabaw ng kanyang kama at sa malas ay mukhang hinihintay siya talaga.*

*"Oh my, you'll wake all the dead with that scream, sweetheart. What was that for?" medyo may pagkapikon na tanong nito pagkatapos mapabalikwas mula sa pagkakahiga dahil sa gulat.*

*Umirap siya rito. "You startled me! Ano ba kasi ang ginagawa mo rito? Bakit wala ka man lang pasabi na you'll come this early, nang sa gayon ay maaga sana akong nakapag-shower? Paano pala kung hindi ko man lang naisipan na magtapi ng tuwalya, eh di, nakita mo sana ako in my most embarrassing situation," pagalit din na sabi niya, sabay tingin sa kanyang anyo na nababalutan lamang ng maikling tuwalya.*

*Hindi nito napigilan na mapangiti, lalo't napansin nito ang bahagyang pamumula ng mukha*

*niya. Naisipan tuloy nitong biruin pa siya nang husto.*

*"Don't you worry. Kung nagkataong ganoon nga, rest assured na ipipikit ko naman ang aking mga mata. As it is, huwag mong sabihing nahihiya kang humarap sa akin nang ganyan? Kung sabagay, dapat ka ngang mahiya dahil…." Sadyang hindi tinapos ng lalaki ang sinasabi, bagkus ay pinaraanan nito ng tingin ang kanyang kabuuan na tila ba nang-iinsulto kaya naman nagdikit ang mga kilay ng dalaga.*

*"At ano naman ang ibig mong sabihin sa mga tingin mong iyan?" singhal ni Aisha.*

*"It only means na mabuti't ako lang ang nakakakita sa hitsura mo ngayon. Dahil kung nagkataon ay baka…." At nagtatawa pa ito.*

*"Aba't… hoy! Marami ang nagsasabi na pang-*Miss Universe *ang katawang ito kaya huwag kang tatawa-tawa diyan," aniya na pinamaywangan pa ang kaibigan. Dahil sa ginawa niya ay bahagyang lumuwag ang pagkakatapis ng tuwalya. Kung hindi sa maagap na paghawak doon ng binata, baka tuluyan na iyong humulagpos.*

*"O, ingat ka sa mga kilos mo. Baka mamaya, mademanda ka pa ng indecent exposure," tila bale-walang sabi ni Kristoff gayung nang oras na iyon*

*ay kulang na lamang himatayin na siya dahil sa panginginig ng mga tuhod.*

*Hindi kasi sinasadyang bahagyang dumikit ang mga daliri ni Kristoff sa kanyang mayamang dibdib dahil sa ginawa nitong paghawak sa tuwalya. Nagdulot iyon sa kanya ng kakaibang pakiramdam. Pero nang pasimple niyang pinag-aralan ang reaksyon nito ay parang wala naman iyong anumang epekto sa lalaki.*

*"At saka pakiulit nga ng sinabi mo… marami ang nagsasabi na pang-*Miss Universe *ang katawan mo? Kung hindi ko pa alam na si Jon lang naman ang masugid mong tagahanga sa school. Ewan ko ba naman sa lalaking iyon. Sa dinami-dami ng magaganda sa ating eskuwelahan ay ikaw pa ang pinagtitiyagaan," sabi pa nito.*

*Mukhang hindi pa nakontento; muli itong humalakhak. Dahil sa pagkapikon ay dinampot ni Aisha ang isang figurine sa ibabaw ng tokador at akmang ibabato iyon sa kaibigan.*

*"O, o! Napipikon na ang ale! Don't you ever dare throw that at me, sweetheart. Mahal ang bili ko d'yan. Baka nakakalimutan mong sa ibang bansa ko pa iyan binili. Sige ka, magagalit ako sa iyo kapag binasag mo iyan," banta nito bagaman nangingislap ang mga mata sa kapilyuhan.*

*Bahagya siyang natigilan. Maingat niyang ibinalik ang figurine sa ibabaw ng tokador, subalit nang muli siyang sumulyap sa gawi ng lalaki ay matalim pa rin ang kanyang tingin dito.*

*Magbibiro pa sana si Kristoff pero nang makitang hindi na talaga maipinta ang mukha ng kaibigan ay bahagya itong natigilan.*

*"Uy, mukhang totoo na ang pagtatampo ng ale. Hindi ba dapat ay ako ang mapikon dahil mukhang nakalimutan mo ang usapan natin ngayon?"*

*"Anong usapan?" pairap na tanong ni Aisha kasabay ng pangungunot ng noo.*

*"O, kitam! Talaga nga palang kinalimutan mo na ang usapan nating manonood tayo ng DVD ngayon," sagot nito, sabay tingin sa malaking television set. Paglingon ni Aisha ay nakita niyang nakapatong doon ang DVD ng pelikula na gusto nitong panoorin.*

*Nanlaki ang kanyang mga mata bago napatutop sa bibig. Apologetic na tumingin siya sa gawi ng kaibigan, ngunit bago pa man siya makapagsalita ay mabilis nang pumuwesto muli sa ibabaw ng kama si Kristoff.*

*"Sige na, magbihis ka na at kanina ko pa gustong panoorin ang pelikulang iyan," narinig niyang sabi*

*nito.*

*“I… I’m sorry kung…”*

*“Yeah, nagtatampo na nga ako. Just imagine, hindi ako sumama sa mga kabarkada ko nang pinanood nila ang movie dahil gusto kong magkasama tayo sa panonood, only to find out that you forgot all about it.”*

*Tiningnan ng dalaga kung seryoso ang mukha ng kaibigan at nang makita niya ang mischief sa mga mata nito ay napangiti na rin siya.*

*Alam niyang hindi mangyayaring magtampo talaga sa kanya ang lalaki. Nagkukunwari lang ito ngayon, kung paanong nagkukunwari rin si Aisha na napipikon sa pang-aasar nito kanina pa. Ang totoo, cover-up lang niya iyon dahil nga eratiko pa rin ang tibok ng kanyang puso sa bahagyang pagkakadikit ng balat nila kanina.*

*“Huwag ka nang magpaawa diyan. Hayaan mo at ipapahanda ko kay Aling Seling ang paborito mong merienda, nang sa gayon ay maalis na ang tampo mo diyan,” biro niya bago mabilis na pumasok sa kanyang dressing room upang magbihis.*

*Habang nasa loob ng dressing room ay napailing ang dalaga. Palagi kasing ganoon silang dalawa ni*

*Kristoff: tampuhan, biruan, pikunan pero in the end ay bale-wala lang iyong lahat. Very close sila dala na rin marahil ng pagiging malapit ng kanilang mga magulang lalo na noong nabubuhay pa ang kanyang mama. Nanatili ang closeness ng dalawang pamilya kahit sumakabilang-buhay na ang kanyang ina apat na taon na ang nakakaraan.*

*At lalo pa silang naging close ni Kristoff nang magtungo sa ibang bansa ang mga magulang nito dahil sa negosyong naitayo ng mga ito roon. Kung hindi siya ang nagpupunta sa bahay nito, ito ang sumasadya sa kanila kagaya ngayon.*

*Sila ang nagsisilbing alarm clock na gumigising sa isa't isa. Kaya naman hindi niya masisisi ang kaibigan kung ikinagulat nito ang reaksyon niya kanina nang madatnan niya ito sa loob ng kanyang silid.*

*Totoong nalimutan na ni Aisha ang usapan nila. Mabuti na lamang at lubusan na nilang kilala ang isa't isa. Malimit silang mag-asaran at magkatampuhan, pero hindi nila hahayaang masira ang friendship nila nang ganoon na lang.*

*Marami sa kanilang mga kaibigan at kakilala ang nag-aakala that they were more than best friends lalo pa at 'sweetheart' ang nakaugaliang itawag sa kanya ni Kristoff.*

*Dati ay okay lang kay Aisha na marinig ang endearment na iyon mula sa binata. Pero magmula nang pansinin iyon ng mga kaibigan at maghinala na baka ma-develop na sa kanya ang kaibigan, ay naging palaisipan na rin iyon sa kanya.*

*Pero sa bandang huli ay siya na rin mismo ang nagagalit sa sarili. Kaibigan lang talaga ang turing sa kanya ng lalaki, nothing more. Ang endearment na ginagamit nito ay walang ibang kahulugan. Iyon lang talaga ang nakasanayan nito.*

*"Aisha, ano ba! What's taking you so long?" narinig niyang tawag ni Kristoff.*

*"Oo na, lalabas na po!" malakas niyang sagot bago nagmamadaling binuksan ang pinto. Nakita niyang nakakunot na ang noo ng lalaki, tanda ng matinding pagkainip. Pero hindi niya alam kung namalikmata lang ba siya nang makita niya ang paghanga mula sa mga mata nito nang ganap na siyang makalabas ng dressing room. Dagli rin kasi iyong nawala.*

*"Ang tagal mo naman, sisimulan ko na sana kahit wala ka pa. Kaso alam kong iyakin ka so…"*

*Itinaas ni Aisha ang isang kilay. "Excuse me, 'no! Hindi po ako iyakin. Sige, i-play mo na habang tinatawag ko si Aling Seling."*

*"Lasagna ang gusto ko at dagdagan 'ika mo ng maraming cheese. Samahan na rin ng chocolate cake at fresh orange juice."*

*Napangiti siya. "Mr. Valmayor, hindi ko hinihingi ang order mo. Umiral na naman ang katakawan mo!"*

*"Sige na, huwag ka nang magreklamo pa. Sa school naman ay laging ako ang nagbabayad ng kinakain mo. Lugi ako dahil ang lakas mong kumain."*

*"Aba't…!"*

*"O, o, bawal ang pikon. Biro lang po iyon. Alam mo namang kahit ubusin mo pa ang allowance ko ay okay lang sa akin. Love yata kita. Kaya sige na, go at nang makapanood na tayo," putol ni Kristoff sa sasabihin sana ng dalaga, sabay tulak sa kanya nang marahan.*

*Walang kamalay-malay ang lalaki sa impact ng sinabi nito kay Aisha.*

"Love yata kita…" *paulit-ulit na nag-e-echo iyon sa kanyang pandinig habang palabas siya ng silid, kahit nang makabalik siya roon matapos magbilin sa kasambahay. Naroroon ang pagkalito sa kanyang isip. Naihiling niya tuloy na sana ay totoo nga ang sinabing iyon ni Kristoff.*

Love ka naman niya talaga, di ba? 'Yun nga lang, bilang kaibigan, *buska ng tinig mula sa kubling bahagi ng isip niya.*

*Ah, kailan kaya siya nito makikita bilang isang babae at hindi bilang isang matalik lamang na kaibigan?*

*Napapitlag si Aisha nang maramdaman ang kamay ng lalaki sa kanyang balikat.*

*"Hayan, natahimik ka na naman. Hanggang ngayon ba ay hindi ka pa rin nasasanay sa pagiging alaskador ko?" untag ng kaibigan habang inaayos ang pagkakapuwesto sa kama.*

*"A-ako pa! Siyempre nama'y sanay na ako sa iyo, 'no!" sagot niya bago pasimpleng nginitian ito.*

*Ilang saglit pa ay nakatutok na ang tingin ni Kristoff sa TV screen. Sa loob-loob naman ni Aisha ay natitiyak niyang hindi niya maiintindihan ang palabas lalo at eratiko ulit ang tibok ng kanyang puso.*

*Mayamaya pa ay nahiga ang lalaki. Subalit sa halip na kuhanin ang isa sa mga unan na nasa kama ay pumuwesto ito sa kandungan niya. Kung hindi niya napigilan ang sarili ay baka nahigit niya ang paghinga.*

*Hanggang kailan pa kaya niya maitatago sa binata ang tunay na nilalaman ng kanyang kalooban?*

*Noong una ay talagang kaibigan lamang ang turing niya kay Kristoff at wala nang iba. Pero dahil sa pagmamalasakit nito sa kanya, sa mga pag-aalala nito at pagpoprotekta ay unti-unting umusbong sa kanyang puso ang ligaw na damdaming hindi niya kayang kontrolin.*

*Ang mga simpleng gestures nito ay naghahatid ng di-maipaliwanag na kasiyahan sa puso niya kaya nagsimula nang malito ang kanyang damdamin. Pero hindi niya maiwasan ang masaktan dahil alam niyang ang mga iyon ay dahil kaibigan siya nito.*

*"Aisha, ano ba? Nakikinig ka ba sa akin?" narinig niyang tanong ni Kristoff na sa kanya na pala nakatingin habang marahang ikinukumpas ang kamay sa harapan niya. Bigla siyang napakislot.*

*"Ha? Bakit, ano ba ang itinatanong mo? Nakikita mo namang nanonood ang tao, iniistorbo mo," pagkakaila niya.*

*"Tinatanong ko kung sasama ka sa night swimming ng barkada this coming Saturday," ani Kristoff.*

*"Naku, baka hindi…"*

*"Bakit hindi? Kung ang inaalala mo ay si Tito Lamberto, ako ang bahala. Tiyak na papayagan ka niya kapag ako ang nagpaalam para sa iyo."*

*Umiling si Aisha. "No, hindi iyon. Alam mong tinuturuan ako ng Papa sa opisina tungkol sa kompanya…"*

*"Gabi naman iyon, sweetheart, kaya hindi maaabala ang pagte-train sa iyo ng papa mo. At promise, hindi ka mapupuyat. Maaga pa lang ay patutulugin na kita kaya please, sumama ka na," pangungulit pa rin nito.*

*"Hmph! Kung hindi ko pa alam…." Inirapan niya ang binata. "Kaya mo ako pilit na pinasasama ay dahil alam mong hindi sasama si Sheena kapag hindi ako sumama."*

*Masuyong pinindot ni Kristoff ang ilong niya. "That's where you're wrong, sweetheart. Umoo na si Sheena. Sinabi niyang sasama siya kahit hindi pa niya tiyak kung sasama ka."*

*Namilog ang mga mata ni Aisha. "Totoo? Kung gayon ay okay lang na hindi na ako sumama? Makakasama mo pala si Sheena, so it's no big deal if I join the swim or not."*

*"Of course I want you to be there! It's as simple*

*as that. Kaya huwag ka nang magpakipot pa. Kung kinakailangang buhatin kita para lamang sumama ka ay gagawin ko so don't argue anymore, maliwanag?"*

*Pagkasabi niyon ay hindi na nagsalita pa ulit si Kristoff. Inayos nitong muli ang pagkakahiga sa kanyang kandungan at itinutok ang mga mata sa screen ng TV. Napansin niya ang malimit nitong pagbuntong-hininga sa tuwing tumitingin sa direksyon niya. Subalit hindi niya pinagkaabalahan pang alamin kung anuman ang ibig sabihin niyon.*

*Kung alam lang ni Aisha na may nakatakda palang mangyari nang Sabadong iyon na makakasira sa kanilang pagkakaibigan, hindi na sana siya sumama pa sa outing.*

# 3

*Hindi pa man ganap na dumidilim ay nagkakasayahan na ang magkakabarkada. Naroroon sila sa isang malaking beach sa Pangasinan. Nakita ni Aisha na ilang pareha na sa kanilang magkakabarkada ang enjoy na enjoy na sa pagsu-swimming habang ang iba naman ay abala sa paghahanda ng kanilang kakainin sa hapunan. Ang ilan pa sa grupo ay hindi magkandaugaga sa pag-aayos ng mesa.*

*May pakiramdam siya na hindi siya masisiyahan kung maglulunoy sa tubig lalo na at ayaw siyang hiwalayan ng makulit niyang manliligaw na si Jon, kaya naisipan niyang tumulong na lang sa pag-iihaw.*

*At gaya ng kanyang inaasahan ay kasunod pa rin niya ang lalaki. Kanina pa niya hinahanap si Kristoff, at dahil hindi rin niya nakikita si Sheena ay may palagay siyang magkasama ang dalawa.*

*Alam niyang wala siyang karapatang magselos, pero iyon ang nararamdaman niya nang mga oras na iyon. Hindi niya ma-appreciate ang mga pag-aalala sa kanya ni Jon.*

*"Bakit ayaw mong mag-swimming? Tingnan*

*mo sila, mukhang enjoy na enjoy," narinig niyang sabi ng lalaki na nakatanaw sa mga kabarkada nilang nagsasabuyan ng tubig sa dagat habang naghahabulan.*

*"Mamaya na lang siguro. Tutulungan ko muna sina Karla at Roger sa pag-iihaw," walang-siglang sagot ni Aisha, tinutukoy ang dalawa nilang kabarkada na nagkakatuwaan kahit ang mga ito ang napatoka sa gawaing iyon.*

*"Kung ganoon ay tutulong na rin ako. Ano naman ang gagawin ko doon kung nandito ka? Hindi na rin muna ako maliligo. Sasabayan na lang kita mamaya," sabi pa nito, sabay kuha sa ilang tuhog ng isda bago inilagay sa ibabaw ng nagbabagang mga uling.*

*"No, okay lang sa akin kung gusto mo nang mauna. Pakiramdam ko kasi ay sisipunin ako kaya baka hindi na talaga ako mag-swimming."*

*"H-ha? Naku, dapat uminom ka muna ng gamot at nang hindi tumuloy iyan."*

*"Sino ang iinom ng gamot?" narinig nilang tanong ni Karla habang hawak ang isang bote ng beer.*

*"Itong si Aisha. Para daw sisipunin kaya ayaw mag-swimming," nag-aalalang sagot ni Jon. Tinanggap nito ang iniaabot ni Roger na inumin.*

*"'Sus! Hindi gamot ang kailangan mo, Aisha. Heto, o, ilang bote lang at ayos na ang magiging pakiramdam mo," nakangiting sabi ni Roger at iniabot sa kanya ang isang hawak na bote ng beer.*

*Tatanggi sana ni Aisha nang maalalang magkasama sina Sheena at Kristoff. Hindi niya alam kung bakit biglang nawala ang pait ng iniinom na beer.*

*Dati ay ayaw na ayaw niya ang serbesa. Amoy pa lang niyon ay umaayaw na siya. Pero nang mga sandaling iyon ay wala na siyang pakialam.*

*Ang gusto lang niya ay mapamanhid ang pakiramdam upang hindi niya madama ang wari ay mga mumunting karayom na tumutusok sa kanyang dibdib dahil sa pangambang nagkakamabutihan na sina Sheena at Kristoff.*

*Nagtataka man ay hindi na lang kumibo ang tatlong kasama niya. Nasisiyahan pa ang mga ito dahil sa tuwing inaabutan siya ng panibagong bote ay hindi siya tumatanggi.*

*Tinutungga ni Aisha nang tuluy-tuloy ang serbesa kaya ilang saglit pa at umiikot na ang kanyang paningin. Naging madulas na rin ang dila niya. Wala siyang kamalay-malay na iba na rin ang mga salitang*

*lumalabas sa bibig niya. Nabubulol na siya at panay ang hagikgik.*

*"Tama na, Aisha," nag-aalalang awat ni Karla nang tangkain pa rin niyang tanggapin ang bote ng beer na inaabot ni Jon.*

*Parang wala sa sariling diniinan niya ang hawak na bote sa kanyang sentido bago tumungo sa mesa. Hindi na niya alam ang sumunod na nangyari.*

*PARA SIYANG idinuduyan. Iyon ang pakiramdam ni Aisha kaya lalo pa niyang inihilig ang ulo sa tila matigas na pader na sinasandalan.*

*Gustuhin man niyang magmulat ay hindi niya magawa dahil muling iikot lamang ang kanyang paningin. Sa katunayan ay parang babaligtad na ang sikmura niya dahil sa matinding pagkahilo.*

*Ilang saglit pa, naramdaman niya ang pagsayad ng kanyang likod sa ibabaw ng malambot na higaan. Tila may kung anong malakas na puwersa na humihila sa kanya upang lalo niyang idiin ang pagkakapikit ng mga mata.*

*Nang maramdaman niya ang masuyong pagdampi ng basang tuwalya sa kanyang balat ay*

*nakaramdam siya nang bahagyang kaginhawahan. In her subconscious, alam niyang may nagpapala sa kanya at pinipilit nitong ibsan ang kalasingan niya.*

*Mayamaya pa ay naroroon ulit ang pakiramdam na gustong bumaligtad ng kanyang sikmura kaya bigla siyang napatutop sa bibig.*

*"N-nasusuka ako," aniya, sabay tayo upang tunguhin ang banyo kahit pa nga hirap na hirap siya sa paglalakad.*

*Hindi siya pinabayaan ng mga kamay na patuloy na nakaalalay sa kanya. Hindi na siya umabot pa sa maliit na sink dahil nailabas na niya ang laman ng sikmura. Naramdaman niya ang masuyong paghagod sa likod niya.*

*"Sige, ilabas mong lahat. Gagaan lang ang pakiramdam mo kapag naisuka mong lahat ang nainom mo. Sukat ba namang mag-inom ka nang ganoon kadami gayung hindi ka sanay uminom," anang tinig na pamilyar sa kanya.*

*Dahan-dahan siyang lumingon at tumambad sa kanyang paningin ang galit na mukha ng kaibigan. "K-Kristoff…"*

*"Ako nga! Bakit, ang inaasahan mo ba ay si Jon? Iyon ba ang dahilan kung bakit ka naglasing? Dahil*

*nais mong mapagsolo kayong dalawa dito sa loob ng cottage mo?" marahas nitong tanong na ikinagulat niya.*

*"S-si Jon? At bakit mo na—" Subalit hindi niya natapos ang sasabihin dahil muling umikot ang kanyang tingin at bumalik ang pakiramdam na parang hinahalukay ang kanyang tiyan. Sa pagkakataong iyon ay napalagay sa suot niyang t-shirt at walking shorts ang lahat ng isinuka niya.*

*Naging mabilis ang kilos ni Kristoff. Tinanggal nito ang kanyang mga kasuotan hanggang sa ang dalawang maliit na tela na lamang ang matira sa kanya na siyang tumatabing sa maseselang bahagi ng katawan niya.*

*"A-ano ba'ng ginagawa mo? Kaya ko ang sarili ko," malakas niyang sabi, sabay tabig sa mga kamay nito nang matukoy niyang itatapat siya nito sa malakas na shower.*

*Pero ang anumang pagpupumiglas niya ay nabale-wala dahil nagawa nitong paliguan siya nang mabilis upang maalis ang maasim na amoy na dumikit sa balat niya.*

*Ilang saglit pa, iniaabot na nito sa kanya ang tuwalya. "Here, dry yourself and remove your wet*

*undergarments. Ikukuha kita ng pantulog mo."*

*"W-what!" bulalas niya. "Hoy! Kung inaakala mong maghuhubad ako sa harapan mo ay nagkakamali ka, Kristoff. I may be drunk pero hindi ko magagawa ang sinasabi mo."*

*"Ikaw na rin ang nagsabi, lasing ka kaya gawin mo na lang ang iniuutos ko. The fact that you puked twice is enough para makaramdam ka ng panlalambot so just keep quiet, okay?" Tumalikod na ito at naghanap ng pajamas sa traveling bag niya.*

*"Ano ba ang ipinag-aalala mo? Don't worry, your virtue is safe with me," patuloy nito. "Rest assured that I'm only doing this para tulungan ka and nothing more. I'm not interested in your so-called human anatomy. Gusto ko lamang na makapagpalit ka ng damit nang sa gayon ay mabigyan na kita ng mainit na sabaw."*

*Bagaman nahihilo ay hindi maiwasan ng dalaga na magdamdam at mapahiya dahil sa mga binitiwan nitong salita. I'm not interested in you… Iyon ang nag-register sa utak ni Aisha at hindi ang sinabi nitong buong pangungusap. Masakit pero bakit nga ba siya nag-iisip ng kung anu-ano? Kanina lang ay kasama nito ang babaeng espesyal sa puso nito. Kaya nga siya naglasing kanina dahil sa sama ng loob.*

*Kahit maghubad siguro siya ngayon sa harapan nito ay walang epekto sa binata, dahil kaibigan lang siya nito. May iba itong mahal.*

*Dahil sa alalahaning iyon ay nawala ang inhibisyon ni Aisha. Idagdag pang hindi matino ang pag-iisip niya dahil sa kalasingan. Tutal ay bale-wala lang sa lalaking ito makita man ang katawan niya, ano ba ang ipinag-aalala niya?*

*Walang-anumang tinanggal ni Aisha ang dalawang kakarampot na tela na suot. Ni hindi niya pinagkaabalahang gamitin ang maliit na tuwalya upang ipantabing sa katawan.*

*Ang ipinagtataka niya, kung talagang wala siyang epekto kay Kristoff, bakit ganoon na lang ang pagkakapatda nito sa kinatatayuan pagharap nito sa kanya?*

*Hindi rin nakaligtas sa paningin niya ang sunud-sunod na paglunok nito at ang tila paghabol nito sa hininga habang nakatingin sa kanyang kahubdan. Ni hindi rin yata nito napansin na nahulog na sa sahig ang pajamas na hawak nito.*

*"W-why are you looking at me like that? Hindi ba't wala naman akong dating sa iyo dahil kaibigan mo lang ako? You're not interested in my virtue, di ba,*

*Kristoff?" sardonic na ulit niya sa sinabi nito kanina.*

*"S-stop it, Aisha! Lasing ka nga talaga. Hindi mo na alam ang sinasabi mo pati na ang ginagawa mo."*

*Marahas ang tinig na ginamit ng lalaki, subalit hindi nagpamalas ng pangingilag si Aisha. Hindi rin niya alam kung ang alak nga ba o ang masasakit na salitang sinabi nito ang nagbigay sa kanya ng lakas ng loob kaya nagawa niyang sabihin ang nilalaman ng dibdib.*

*"Hmm… Bakit, Kristoff? Natatakot ka bang aminin sa sarili mo na hindi ka talaga immune sa best friend mo?" malambing na tanong niya bago mabuway na lumakad palapit sa kinatatayuan ng binata.*

*"A-Aisha, kapag hindi ka tumigil—"*

*"Ay ano, Kristoff?" mabilis na putol niya bago pilyang pinasadahan ito ng tingin. "Oh, my! The very popular Kristoff Valmayor—campus heartthrob, every woman's dream man, my very best friend! I just wonder what is it about you that makes almost all women come running after you. Tell me, Kristoff, masarap ka bang humalik? Are you, by any chance, good in bed?"*

*Hindi niya mapaniwalaan ang sarili na masasabi niya sa kaibigan ang mga bagay na iyon. Ngunit*

*pinanindigan niya ang lahat ng nasabi. Maybe it was because of the beer.*

*Kung hindi ba naman, magagawa ba niyang idikit sa lalaki ang kanyang hubad na katawan? She was very sure that if she was sober, she would not be able to act so strange.*

*Makakaya ba niyang haplusin ang matipunong dibdib ng best friend, na matagal na niyang nais gawin?*

*"A-Aisha, I said stop! Kapag hindi mo pa tinigilan ang kalokohang ito ay—umph!"*

*Ang anumang sasabihin nito ay pinutol ng biglaang pagtawid ng dalaga sa maliit na pagitan na naghihiwalay sa kanilang mga labi. She hungrily kissed him and aggressively possessed his lips. Passionately, she explored the inside of his mouth with her tongue.*

*Dahil sa kabiglaan ay hindi kaagad nakapag-react si Kristoff. He just stood there with his eyes wide open.*

*Ang akala ni Aisha, he would never yield… that he would just totally ignore all her attempts to seduce him. Para itong bato na walang kakilus-kilos. Handa na siyang tumigil sa pang-aakit dito kung wala pa ring katugunan mula rito.*

*Nagulat siya nang maramdaman ang biglang paghigpit ng yakap sa kanya ng lalaki, gayundin ang mabilis na paggalugad nito sa kanyang bibig. This time, he took control of the tender moment.*

*Hindi nagtagal ay naramdaman niyang iginigiya siya nito patungo sa kinaroroonan ng maliit na kama. May mahinang bulong na nag-uutos sa kanyang pigilin si Kristoff sa ginagawa nito subalit hindi niya iyon pinansin.*

*Ito na ang katuparan ng isang bagay na matagal na niyang pinapangarap: ang makulong sa mga bisig ng lalaki at madama ang pagmamahal nito kahit pa napatangay lang ito sa ginawa niyang pang-aakit. Kung anuman ang magiging consequence ng kanyang kapangahasan ay saka na lang niya poproblemahin. Sa isip ay mas nanaig ang tawag ng pag-ibig para sa lalaking matagal nang itinatangi.*

*"Aisha, p-please tell me to stop while I still can. K-kung magtatagal pa'y baka hindi ko na magawang pigilan pa ang sarili ko," tila nanghihinang pakiusap ni Kristoff sa pagitan ng paghalik sa magkabila niyang dibdib.*

*Lalong nag-alab ang pakiramdam niya dahil sa ginagawa nito. Hindi niya napigilan ang magpakawala ng daing kasabay ng masuyong pagdama sa balikat*

*nito.*

*"No, I won't, Kristoff! Just go on. I've waited so long for this moment to happen so please… oh! T-take me now…"*

*Itinaas nito ang mukha at tinitigan ang mga mata niya. "Oh, Aisha, I want you so much! I don't know how to say this but please remember, whatever happens, I just hope you won't regret it in the morning. If ever, I don't think I can bear it. I swear I'll hate myself forever."*

# 4

Biglang ipinilig ng dalaga ang ulo sa bahaging iyon ng nakaraan bago nag-aalalang napatingin sa mabalasik na anyo ng lalaki sa kanyang harapan.

“Bakit hindi ka makasagot, Aisha? Did I hit home?” marahas na tanong ni Kristoff kasabay ng mahinang pagyugyog sa kanyang mga balikat.

“I don’t know what you’re saying! At puwede ba, let go of me! You’re hurting me…”

“At ako, Aisha? Sa palagay mo ba ay hindi ako nasaktan nang hindi na kita makita paggising ko that morning? Damn it, you were a virgin! I hated myself then dahil alam kong pinagsisisihan mo ang nangyari sa atin. Inisip ko ring baka nasaktan kita kaya ka biglang umalis…”

Iniiwas ni Aisha ang tingin sa lalaki. Alam niyang kinakain lang ito ng guilt kaya bakas sa mukha nito ang paghihirap ng kalooban.

“I don’t want to talk about it anymore! Matagal nang nangyari iyon. Kung maaaris ay huwag mo nang babanggitin pa ulit ito. L-lasing lang ako noon that’s why it happened, pero kinalimutan ko na ang

tungkol doon. I just hope—"

"Really? Why do I have this feeling na nagsisinungaling ka? At kung totoong bale-wala lamang sa iyo ang lahat, bakit ka biglang umalis?" nagdududang tanong ni Kristoff.

"Alam mo namang si Papa ang may kagustuhan noon. He asked me to take my—" tangka niyang paliwanag.

"Don't give me that crap about studying, Aisha! I inquired sa halos lahat ng eskuwelahan sa New York, pero walang Aisha Mendez akong nakita sa alinmang registrar's list. Alam kong hindi pag-aaral ang ipinunta mo roon."

Napasinghap siya. Hindi niya sukat akalaing totoo pala ang itinawag sa kanya ng ama noon. Ayon kay Don Lamberto, nahihirapan na itong magkaila kay Kristoff regarding her whereabouts. Halos araw-araw nagpupunta ang binata sa bahay upang itanong kung ano ang address ng tiyahin niya sa New York.

"Bakit hindi ka na nakapagsalita, Aisha? What are you thinking this time? Iniisip mo ba kung ano na namang pagkakaila ang gagawin mo sa akin?"

Napakislot siya sa kanyang kinauupuan dahil sa malakas na sigaw ni Kristoff.

"I don't care if you don't believe me! Just leave. At tandaan mo ito, I don't want you messing up with my life ever again. Kung ano tayo noon ay hindi na ngayon so—"

"Hah!" Humihingal ito sa galit. "Kung inaakala mong maitataboy mo ako, nagkakamali ka, Aisha. I mean to find out what made you leave six years ago and the reason why you kept everything from me. It's just not you kaya natitiyak kong may misteryo kang itinatago sa akin."

Umiling siya. "I told you, wala akong—"

"I heard what you told me pero kung inaakala mong tatanggapin ko iyon nang gan'un-gan'on na lamang, nagkakamali ka, sweetheart. Sooner or later ay sasabihin mo rin sa akin ang lahat ng iyon, dahil kung hindi ay makakarating kay Tito Lamberto ang tungkol sa nangyari sa resort. And you don't want your father to have another attack, do you?"

Hindi makapaniwalang napatingin si Aisha sa mukha ng lalaki. Pilit niyang binabasa ang katotohanan sa banta nito, kung seryoso ba ito o hindi. Nang matiyak niyang hindi ito nagbibiro ay naningkit ang mga mata niya.

"How dare you! Sinasabi ko na nga ba't—"

Subalit ang anumang sasabihin niya ay naputol dahil sa biglang paglapit ni Mang Renato sa bintana ng kotseng kanilang kinaroroonan.

“Señorita Aisha, napalitan na po ang gulong. Okay na po ba ang pakiramdam ninyo?”

Isang matalim na tingin muna ang ibinigay ng dalaga sa gawi ni Kristoff bago bumaba ng sasakyan nito. “Okay lang po ako, Mang Renato. Napagod lang ako sa biyahe. Tayo na at gusto ko nang makita ang Papa.”

Tinalikuran na niya ang binata upang lumabas ng kotse nito at tunguhin ang kanilang sasakyan na nasa di-kalayuan. Isang buntong-hininga ang pinakawalan niya nang makaupo sa likod ng sasakyan. Nagluwag kasi ang kanyang dibdib nang makita niyang ang kabilang direksyon ang tinungo ng kotse ni Kristoff. Akala niya ay susunod ito sa kanila.

Sa ngayon ay naligtasan niya ang mga pang-uusig nito, ngunit hindi na siya nakakatiyak sa mga susunod pa. Naisip niyang hindi na kailangang magkaharap pa silang muli nito.

Kung kinakailangang madaliin niya ang pagbabalik sa New York ay gagawin niya, makaiwas

lamang na muling magkrus ang landas nila ng kaibigan.

Kaibigan? Sukat sa naisip ay sunud-sunod ang naging pag-iling ng dalaga. Hindi ba nang gabing may mangyari sa kanila ay tinapos na niya ang pagkakaibigan nila ng lalaki?

Napailing siya at napangiti nang mapakla nang muling maalala ang nangyari noon…

*NAPABALIKWAS NG BANGON si Aisha. Muling nanakit ang kanyang ulo dahil sa biglaan niyang pagkilos. Ngunit sa halip na indahin iyon ay ganoon na lang ang panlalaki ng kanyang mga mata nang makita ang malaking bulto ng kaibigan sa tabi niya.*

*Himbing na himbing ang lalaki. Kagaya niya, wala rin itong saplot sa katawan kaya may palagay siyang hindi isang panaginip lamang ang nangyari sa kanila. Damang-dama niya ang pananakit ngayon ng bahaging iyon sa pagitan ng kanyang mga hita.*

*Aalis na sana siya sa kama ngunit napigil iyon nang mapagmasdan niyang muli ang kabuuan ng mukha ng lalaki. Kristoff was a handsome guy, no doubt about it. Kung di ba naman, hindi marahil mahuhumaling dito ang maraming babae. Hindi nga*

*ba, kabilang siya roon kahit pa ang turingan nila ay sa magkaibigan lamang dapat? Pero sa nangyari ngayon ay hindi na siya tiyak kung maaari pa silang magpatuloy bilang mabuting magkaibigan.*

*Sa parte niya ay alam niyang hindi na siya maaaring sumama pa sa lalaki dahil tiyak na bistado na nito ang kanyang pinakalilihim na damdamin para rito. Hindi niya makakaya sakaling sumbatan siya nito o kaya ay pagtawanan dahil sa kanyang kahibangan.*

*Nang gumalaw ito ay bahagyang natigilan si Aisha. Hindi niya alam kung paano ito pakikiharapan pagkatapos ng naganap sa kanila. Kailangang umalis na siya ngayon din bago pa ito magising.*

*Napatingin siya sa orasang nakasabit sa dingding; alas cuatro ng madaling-araw. Marahil ay may masasakyan siya pabalik ng Maynila sa ganitong oras.*

*Kung pinangangambahan niya ang magiging reaksyon ng lalaki, lalong higit ang sasabihin sa kanya ng mga kaibigan. At saka si Sheena, kakayanin ba niya kung sakaling paratangan siya nitong mang-aagaw? May palagay siyang alam nitong dito sa kanyang cottage nagpalipas ng magdamag ang lalaki.*

*Dali-dali siyang nag-ayos ng sarili. Nang akma niyang pipihitin ang doorknob ay napatda siya, narinig niya ang mahinang pagsasalita ni Kristoff. Kinakabahang napatingin siya sa nakahiga pa ring lalaki.*

*Pinakinggan niya ang sinasabi nito. "S-Sheena? N-no! I'm sorry, I didn't mean it to happen… h-hindi… Aisha… oh, ikaw talaga ang mahal ko. I just don't know how to tell her this na hindi siya masasaktan. Promise, I will do my best para maayos ang gusot na ito… don't worry, everything will be all right…"*

*Iyon ang malinaw na narinig ni Aisha mula sa nakapikit na binata. Sa paputul-putol na salita nito ay natukoy niyang nananaginip ito. Kausap nito marahil si Sheena and they were talking about her. At kahit hindi ipaliwanag sa kanya ay alam niya ang ibig nitong sabihin.*

*She was already a nuisance sa pagmamahalan ng mga ito. At nahihirapan na si Kristoff because he was torn between his best friend and his true love. Hindi niya sukat akalaing darating sila sa puntong ito.*

*Hindi na niya hihintayin pang sumbatan siya ng kaibigan sa ginawa niyang pang-aakit dito noong nagdaang gabi. Tiyak niyang sasabihin nito sa kanya na ang ginawa niya ay lalo lamang magpapagulo sa*

*sitwasyon nito at ng babaeng pinakamamahal. Lalo lang madaragdagan ang nararamdaman niyang bigat ng kalooban kaya ngayon pa lamang ay lalayo na siya. Mahirap man ay kakayanin niya.*

*Nasa bahay na si Aisha at kasalukuyang nagpapahinga sa kuwarto nang marinig niya ang pakikipagtalo ni Kristoff sa kanyang papa. He was insisting na magkausap silang dalawa, pero mahigpit ang kanyang pakiusap sa ama na huwag hahayaang mangyari iyon sa kabila ng pagtataka nito.*

"NARITO NA po tayo, Señorita Aisha. Tiyak na matutuwa ang papa ninyo. Sige na po, ako na ang bahala sa lahat ng gamit ninyo," pukaw ni Mang Renato sa bahagyang nakatulalang dalaga. Iyon ang nagpabalik sa kanyang isipan sa kasalukuyan.

Pagkababa ng sasakyan ay gustong maiyak ni Aisha pagkatapos niyang mamalas ang kabuuan ng paligid na kanyang kinalakhan. Ilang taon din niyang hindi nakita ang malawak na lawn ng kanilang bahay, gayundin ang paborito niyang upuan malapit sa malaki nilang swimming pool. Napangiti siya nang makitang naroroon pa rin ang duyan na madalas niyang pagpahingahan noon kapag gusto niyang makalanghap ng hangin.

Pagkatapos ng maikling kamustahan nila ng mga kasambahay na na-miss din niya ay tinungo na niya ang silid ni Don Lamberto.

"Aisha, anak! I terribly missed you, hija! Bakit ngayon ka lang? Kanina pa ako naghihintay sa iyo."

Hindi niya napigilan ang pagpatak ng luha nang mapuna ang malaking timbang na nawala sa ama.

"P-Papa, na-miss din kita! I'm so sorry kung—"

"Shh… there's no need for you to say sorry. Ang mahalaga ay naririto ka na ulit. Ngayon ay alam kong lalakas na ulit ako dahil may mag-aalaga na sa akin lalo pa't anak ko. At siyempre, dahil kailangan ko pang magpahinga, ikaw muna ang hahalili sa akin sa opisina, ha? Marahil ay sapat na ang anim na taon mong pag-aaral sa ibang bansa. I'm sure na nakahanda ka nang tanggapin ang position ko sakaling magretiro na ako."

Napatingin siya sa mukha ng ama. Tila may naulinigan siyang kakaiba habang sinasabi nito iyon sa kanya.

"H-ha? A-ah… eh… saka na muna natin pag-usapan iyan, Papa. K-kaya ako umuwi ay para alagaan ka nang sa ganoon ay lumakas ka agad. Auntie Rachel is waiting for me there, ganoon din

ang negosyong itinayo namin doon."

Isang matiim na tingin ang ipinagkaloob ni Don Lamberto sa anak. Tila nililimi nito ang katotohanan sa sinabi niya. Hindi naman niya nakayang tagalan ang pagkakatingin nito kaya mabilis niyang ibinaling sa ibang direksyon ang kanyang mga mata bago ipinagpatuloy ang pagsasalita.

"Isa pa'y nakakahiya sa assistant mo kung basta na lang akong magte-take over sa position mo. Kung puwede nga lang ay mas gusto kong… ah, never mind. Saka na natin pag-usapan ang tungkol diyan."

"I-iyon nga kaya ang tunay na dahilan, Aisha?"

"W-what do you mean, Papa?" aniya, kinakabahan.

"H-hindi kaya… hindi mo na love ang Papa? Nagseselos na ako sa bunso kong kapatid dahil mukhang mas love na siya ng baby ko kaysa akin, ah."

Biglang napawi ang pag-aalinlangan sa kanyang mukha dahil sa pagbibiro nito. Napangiti siya. "Don't worry, Papa. That won't happen. Siyempre ay love na love kita. At love ka rin ni Auntie kaya hindi niya gagawing agawin ako sa iyo."

"Alam ko, hija. Nagbibiro lang ako. Pero gusto kong sabihin sa iyo na mahal na mahal kita. Kahit ano pa ang gawin mo ngayon o kahit may nagawa ka man noon, at kung may gagawin ka man in the near future, always remember na narito ako para suportahan kita. Hindi mawawala ang pagmamahal ko sa iyo, no matter what."

"A-ang lalim naman noon, Papa. But anyway, s-salamat. Huwag kang mag-alala, wala akong gagawin na—teka nga pala, Papa. Baka napapagod ka na. Ang s'abi ni Aling Seling ay kaiinom mo lamang ng gamot. Ano ba talaga ang nangyari sa iyo?"

"'Sus! Sina Seling lang naman ang makulit gayundin ang mga empleyado ko sa opisina. I told them na bale-wala lang iyon, pero they insisted that I go to the hospital. But look at me, hija, don't I look all right?" nakangiting saad ng ama nang bigla itong mapahawak sa tapat ng dibdib.

"Bakit, Pa? May masakit ba sa iyo?"

"No, I'm okay. Na-excite lang akong masyado dahil sa pagbabalik mo. I'll just take a rest and I will be fine. Naisip ko tuloy, bakit kaya hindi muna natin pagbakasyunin dito sa Pilipinas ang auntie mo? Tutal ay hindi na ako makapunta doon, dahil

nga ang s'abi ninyong dalawa ay mahina na ako. So she might as well be the one to visit me."

"Ha? Naku, hindi puwede, Papa!" tarantang tanggi ni Aisha. "I… I mean, baka hindi iyon pumayag na walang maiwan sa aming negosyo doon. Kasisimula pa lang namin sa aming modeling agency."

"Bueno, ikaw ang bahala. Kung talaga bang kailangan nga ng inyong six-year-old agency na bantayan ay wala akong magagawa."

Binundol muli ng kaba ang dibdib ni Aisha dahil sa pagkakadiin ng ama nang sabihin nito ang 'six-year-old'. Why did she have this feeling that her father was prying, leading her to say something that she could not figure out?

*Stop it, Aisha! You're just being paranoid. Your father doesn't know anything so stop worrying.*

"A-ang mabuti pa'y magpahinga ka muna, Papa. Mamaya na natin ipagpatuloy ang kuwentuhan. Kailangan ko pang tawagan si Auntie dahil kabilin-bilinan niyang itawag ko agad sa kanya ang tungkol sa kalagayan mo. She's deeply worried about your condition."

"O sige, hija. Huwag mo ring kakalimutang

sabihin sa kanya ang tungkol sa request kong dalawin niya ako rito. Tell her to come back here at nang magkita naman kami. K-kung gusto 'ika mo niyang magsama ng iba pa ay okay lang sa akin, let's say somebody na parehong mahalaga sa inyo," makahulugang sabi ni Don Lamberto na halos ikapugto ng kanyang hininga.

Hindi maintindihan ng dalaga ang tinutumbok ng mga pananalita nito. Nagiging palaisipan ang mga iyon sa kanya dahil tila may laman ang mga sinasabi nito.

"U-uhm, s-sino naman ang maaaring isama dito ni Auntie? Unless, may itinatago pala siyang boyfriend sa atin." Pilit niyang hinaluan ng pagbibiro ang mga sinabi upang mabawasan ang namumuong tension sa dibdib. Subalit lalong nangalog ang kanyang mga tuhod sa isinagot ng ama.

"Hmm… we all have our own secrets, haven't we, hija? And sometimes it's better to share those secrets especially kung mabigat na itong dalhin sa dibdib natin."

"I… I guess, I've taken so much of your time, Papa. Baka makasama na sa iyo ang sobrang pagsasalita," pag-iwas niya. "I… I'll let you rest now. Let's just continue our chat some other time."

Isang makahulugang tingin lamang ang ibinigay ni Don Lamberto sa anak bago tumango.